



**NRCP**  
**RESEARCH JOURNAL**

Full Paper

## **Ang Kalyeng Walang Kamatayan: Ang Paglalandas ni Leoncio P. Deriada at ng Panitikan ng Rehiyon at Bansa**

**The Road That Will Never Die: The Path of Leoncio P. Deriada and the Literature of the Region and Nation**

Ferdinand P. Jarin

University of the Philippines Visayas, [kampaylakbay21@gmail.com](mailto:kampaylakbay21@gmail.com)

Ang pag-aaral ay tumutukoy sa peryodisasyon ng intelektuwal na buhay ng itinuturing na Ama ng Kontemporaryong Panitikan ng Kanlurang Visayas na si Leoncio P. Deriada. Ang halaga ng naging papel ni Deriada sa panitikan ng naturang rehiyon ay mamamalas sa pagpapakilala ng mga wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon sa pambansang panitikan. Ang naging papel na ito ni Deriada ay nagpakita ng pagmumuhon ng kontemporaryong panitikan ng Kanlurang Visayas sa mapa ng pambansang panitikan. Pagtugon din ang pag-aaral sa hamon ng kritiko at pambansang alagad ng sining na si Bienvenido Lumbera na dapat maisulat ang talambuhay ng mga alagad ng sining ng rehiyon upang mapunan ang puwang sa kung paano ipagdurugtong at ipagsasanib ang panitikan ng rehiyon sa panitikang pambansa. Kung paanong ang pag-aaral sa buhay at pag-aakda ni Deriada ay magpapatibay din sa diskurso na ang panitikan ng bansa ay marami, hindi iisa, walang sentro, dahil lahat ng rehiyon ay sentro ng panitikang pambansa. Ginamit sa pag-aaral na ito ang metodolohiya ng arkibong pananaliksik lalo pa sa mga akda ng naturang manunulat at ang mga nauna nang naisulat na artikulo tungkol sa buhay, pag-aakda, at adbokasiya ni Deriada.

**Mga Susing Salita;** Kanlurang Visayas, Visayan-laced Filipino, Literary Engineering, Panitikang Rehiyonal, Panitikang Pambansa.

*The study is about the periodization of the intellectual life of the considered Father of Contemporary Literature of Western Visayas, Leoncio P. Deriada. The value of Deriada's role in the literature of this region can be seen in the introduction of the Hiligaynon, Kinaray-a, and Aklanon languages in the national literature. The role that showed the foundation of contemporary literature of Western Visayas on the map of national literature. The study is also a response to the challenge of the critic and national artist Bienvenido Lumbera that the biography of the artists of the region should be written to fill the gap on how to connect and merge the literature of the region with the national literature. The study of Deriada's life and writing will also strengthen the discourse that all regions are center of national literature. The archival research methodology was used in this study in addition to the writings of Deriada and the previously written articles about Deriada's life, writing, and advocacy.*

**Keywords;** Western Visayas, Visayan-laced Filipino, Literary Engineering, Regional Literature, National Literature

## Article history

**Received :** January 22, 2024

**Revised :** March 14, 2024

**Accepted:** March 15, 2024

Sa librong *Ang Kalye nga Wala sing Kamatayon, The Palanca Award-Winning Short Stories of Leoncio P. Deriada*, bilang introduksiyon at pagpupugay ay wiwikain ng manunulat na si John Iremil Teodoro ang ganito:

*"Walang dudang si Deriada ay manunulat ng bansa, dahil ang bansa ang nakikinabang sa legasiyang iniwan niya para sa pambansang panitikan. Kailangan nating siyang basahin kung nais nating maunawaan ang ating pagiging isang bansa...Si Deriada ang maalamat na manunulat at guro na naghawan ng landas para sa pag-aakda naman ng mga batang manunulat sa Kanlurang Visayas. Nagsulat siya sa limang lengguwahe ng rehiyon — Aklanon, Hiligaynon, Kinaray-a, Visayan-laced Filipino, at Ingles. Siya ang kilalang landas na hinding-hindi mamatay, ang "kalye nga wala sing kamatayon", di lamang para sa mga manunulat ng Visayas kundi maging sa ibang manunulat na Filipino." (Teodoro XVI / Akin ang salin sa Filipino)*

Magiging pananda at tuntungang bato ang pahayag na ito para sa mananaliksik upang sundan ang mga landas ng pagkabuhay at pag-aakda ni Leoncio P. Deriada, ang itinuturing na Ama ng Kontemporaryong Panitikan ng Kanlurang Visayas. Napakahalaga ng naging papel ni Deriada upang mamayagpag ang kontemporaryong panitikan ng Kanlurang Bisayas lalo pa ang pagpapakilala ng mga wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon, bukod sa Filipino at Ingles, (Cruz, 1, 2) bilang mga wika

ng pambansang panitikan. Ang mga antolohiyang binuo ni Deriada (noong ito ay nabubuhay pa) ang materyal na katumbas ng konsepto niya ng rehiyon at ng panitikan (2).

Ang taguri at sinasabing ambag na ito ni Deriada ang nagsilbing mga muhon ng interes ng mananaliksik upang pag-aralan ang naging buhay at mga akda ni Deriada bilang susog sa adbokasiya ng pagtatanghal sa kongkretisasyon ng rehiyonal na panitikan bilang pambansang panitikan alinsunod sa teorya ni Bienvenido Lumbera na ang panitikan ng rehiyon ang salalayan ng isang pambansang panitikan.

*"Ang panitikang likha ng lipunang (Pilipinas) iyan ay marami, hindi isa, dahil nahahati ang teritoryo sa iba't ibang rehiyon...Mula sa kalipunan ng mga panitikang rehiyonal, may mga akdang matutukoy bilang mga akdang may "pambansang" tatak." (Lumbera, 158-159)*

Isang puwang na dapat punan upang maitanghal ang rehiyonal na panitikan bilang salalayan ng pagkokongkretisa sa pambansang panitikan ay ang pagpapakilala sa mga manunulat ng rehiyon — at sa pag-aaral na ito ay ang pagpapakilala kay Deriada bilang kontemporaryong padron ng panitikan ng Kanlurang Bisayas. Ang rehiyonal na manlilikhang tulad ni Deriada ay tuwirang umugnay sa mga realidad ng kanyang rehiyon upang mas mapalitaw ang isang sensibilidad sa panitikan na nagpapatunay na ang anumang karanasan ng rehiyon; historikal, sosyo-kultural, pulitikal, at ekonomiko — ay hindi hiwalay sa karanasan ng buong bansa. Ito ang batayang daigdig ng manlilikha dahil ang pagiging "pambansa" niya ay tumuntong sa mga katangiang "panrehiyon" tungo sa mas higit na malawak na

daigdig sa labas ng rehiyon (Lumbera, 164).

Layunin ng pananaliksik na ito na itampok ang peryodisasyon ng talambuhay ni Leoncio P. Deriada gamit ang mga detalye ng kaganapan sa kanyang nakaraang buhay at kung paanong gumitaw ang mga kaganapang ito sa ilan niyang piling akda, gayundin ang pag-uswag ng kanyang poetika sa pagsusulat at kritisismo sa bawat yugto ng kanyang buhay at pag-aakda.

### **Ang Masaganang Landas ng Pagkabata at Kamulatang-Pampanitikan sa mga Burol ng Barotac Viejo (1938-1948)**

Ipinanganak ang manunulat na si Leoncio P. Deriada noong Enero 13, 1938 sa San Antonio, Barotac Viejo sa probinsiya ng Iloilo. Pang-anim siyang anak nina Amando D. Deriada at Candida D. Pedronio mula sa pitong magkakapatid.

Wiwikain niya noon sa isang panayam na:  
 “Lagi kong sinasabi sa mga tao na ang lahat sa akin ay nagmula sa katimugan.”  
 (De Ungria 35 / Akin ang salin sa Filipino).

Dito pa lamang, malinaw na kay Deriada na ang kabuuan ng simula at destinasyon ng kanyang adbokasiya ay upang itanghal ang lunang pinagmulan at pinaninirahan sa kanyang mga akda. Isasagot ito ni Deriada sa panayam sa kanya ng makatang si Ricardo De Ungria noong 2017, humigit-kumulang dalawang taon bago yumao ang dakilang manunulat, bilang panimula ng pagkukuwento ng kanyang buhay. Sasabihin niyang nagmula ang kanyang Amang si Armando mula sa bayan ng Dumangas sa Iloilo kung saan itinuturing ang naturang bayan bilang lunan kung saan may pinakamaraming nag-aklas noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Samantalang ang Inang si Candida ay nagmula naman sa bayan ng Pototan (35-36). Ang Ama ni Deriada ay nagmula sa napakahirap na pamilya samantalang ang kanyang Ina ay nagmula sa marangyang pamumuhay —dahil sa negosyo ng kanyang Lolo na nagtitinda ng buyo. Dahil sa hirap ng kanyang Ama bilang kabataan, ito ang naging tagapag-alaga ng mga kalabaw ng ilang pamilya sa Dumangas. May tradisyon noon na nagiging pag-aari na ng tagapag-alaga ang ikatlong supling ng bawat kalabaw na nanganak. Ang supling ng kalabaw na naging pag-aari ng Ama ang nagiging puhunan naman nito upang kumita. Pero dahil nga matumal ang tubo ng damo sa Pototan at Dumangas dahil sa laki ng populasyon sa mga banwang ito, kailangang maghanap ng kanyang Ama ng banwa na may malagong tubo ng damo

lalo na ng cogon, na mas pirmihang pagkain ng mga kalabaw. Nangyaring nakapunta ito sa banwa ng Barotac Viejo kung saan masagana ang tubo ng mga damo sa mga kaburulan nito. (37-38).

“Ipinanganak ako sa baryo ng San Antonio...sa kaburulan ng Barotac Viejo...

Ipinanganak ako sa ganyang kapaligiran na palagay ko’y kagila-gilalas.  
 Naging mabuti ito para sa akin, lalo na sa aking pagiging manunulat.”  
 (36-38 / Akin ang salin sa Filipino).

Magiging mabugana o masaganang landas ang kaburulan ng Barotac Viejo para umusbong sa batang Deriada noon ang pagnanais maging kuwentista. Kung kaya’t di katak-takang ang ilang detalyeng ito ng naging buhay ng kanyang mga magulang, maging ang kapaligiran ng kanyang pagkabata sa naturang lunan ay mga detalyeng ilangkap niya sa ilan niyang kuwento. Hindi ilang manunulat ang madalas magsabing malaki ang impluwensiya ng kalikasan sa pagbibigay nila ng kahulugan sa mga karanasan. Ang mga katangian ng bawat likas na bagay at estruktura ang humuhulma ng kanilang kongkretisasyon sa mga pagbibigay-kahulugang ito. Hindi iba sa kanila si Deriada noong wikain niyang “kagila-gilalas” ang kapaligirang ito at naging “mabuti” para sa kanya, lalo na sa kanyang pagiging manunulat.

Malinaw ito sa kanyang kuwentong *A Woman in the War* na tungkol sa kuwento ng pagtatagpo ng batang-tagapagsalaysay at ng babaeng gerilya na si Ana Corita noong panahon ng pananakop ng mga Hapon. Ang kuwento’y bubungad sa pagdating ng isang grupo ng mga gerilya sa kaburulan ng Tarog sa Barotac Viejo sa probinsiya ng Iloilo kung saan naninirahan ang batang-tagapagsalaysay at kanyang pamilya. Kung paanong imumulat ng mga karanasan ng mga gerilya ang kamalayan ng bata sa ligalig ng kanyang panahon dahil sa digmaan. At kung paanong winawasak din ng digmaan ang personal na buhay at lipunan.

Mula sa obhektibong deskripsiyon ng kaligirang rural ng kanyang pagkabata noong panahon ng digmaan o ang personipikasyon mismo ng lunan sa kuwento:

*“When the guerillas came, Father and Manoy Naldo built a new cogon hut in the narrow forest tucked in between two hills to the west. The guerillas occupied our house because it was the biggest among the*

evacuees' houses scattered all over the hills of Tarog...The fishermen clustered together at the foot of Mt. Upaw, near the seashore...the fishermen thought that there would always be fish in the sea though the Imperial Army would overrun the whole island of Panay, the tenants also decided that no slit-eyed soldiers could stop them from plowing the hillsides and planting rice and mongo seeds though airplanes roared overhead." (Deriada 10)

"Father and Manoy Naldo found a perfect spot for the new hiding place. It was on a gentle slope westward. There was a grove lorded over by a tall lomboy tree... (they) built a cogon house beside the lomboy tree, and soon the grove became a kaingin rich with colored corn and profusion of vegetables and root crops." (Deriada 10,11)

Ang kondisyon ng kabuhayan at deskripsiyon sa mga tauhan na hango sa personal niyang deskripsiyon sa kanyang Ama, Ina, at mga kapatid at sa kanilang totoong kalagayan sa buhay noon:

"Nonoy Berting, who was thirteen and the caretaker of our fifteen carabaos, said, "But of course!". The smoke from our cooking shed had definitely coaxed three big branches to bloom and the fertilizer from our four bulls, eight cows, and three calves coralled during night time beside our hut could supply the trees enough nutrients to last for years..."

Father had always been a good cook. But he never cooked for us; that was Mother's job. Before the war, when somebody in Santiago got married or somebody's child was baptized, Father was always asked to do the apretada and the arroz valenciana...

Nene Binyang, myself, and Narding, who was little over two years old, easily forgot the tale of the sayho. For we played under the tree morning and afternoon." (Deriada 11,12)

"Our household had always been a man's world. Even our dog Dikyam and our cat Muraw were male. Nene Binyang was four years older than I and I was sure she longed for the company of a woman other than Mother." (Deriada 11,12)

Hanggang sapagkamulat ng batang-tagpagsalaysay sa kainosentehan nang unang makaranas na makakita ng mga hubad na katawan ng ibang tao.

"Never before had I seen so many naked men...Their muscles rippled. Their legs and groins were hairy, almost monstrous...And their thing was different

from mine. So, I thought, that was the difference between a man and a boy." (Deriada 16,17)

"Nobody had ever seen Ana Corita wearing a dress... Her hair dropped gently on her shoulders. Her arms were long and smooth and her breast, now liberated from her hard, long-sleeved blouse, were fuller under her thin housedress. I noted their rise and fall." (Deriada 18,19)

Gayundin sa realidad ng digmaan na naganap sa bansa bilang bahagi ng digmaang Amerikano at Hapon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

"A Japanese patrol was coming from Barotac Viejo to Ajuy in the night, Ana Corita continued. I was not sure if the news came from the military intelligence or from **radio de puwak**, as the Ilongos would call a rumor. Alpi's men were preparing for an ambush." (Deriada 19).

Dalawang bukal sa kanyang pagkabata sa Barotac Viejo ang nagpadaloy ng kanyang interes para landasin ang pagkukuwento. Ang pagiging natural na kuwentista ng kanyang Ama at Ina ang unang malaking impluwensiya.

"Nagkataong nagkaroon ako ng mga magulang na mahusay magkuwento. Ang aking Ama na nakatuntong lamang hanggang Grade Four at ang aking Ina na hindi nakaranas pumasok ng eskuwelahan subalit produkto ng sistemang Cartilla...napakahuhusay nilang magkuwento." (Deriada sa Gawad CCP para sa Sining Panitikan / Salin ko sa Filipino) Gayundin ang kanyang pagkahilig sa pagbabasa ng mga akdang-pampanitikan na isinulat ng mga kilalang manunulat sa wikang Hiligaynon noon maging sa Tagalog:

"Mula pa noong ako'y nasa elementarya, mahilig na akong magbasa. Sinimulan kong basahin noon pa ang Hiligaynon Magazine. Kaya't bago pa ako makatapos ng elementarya, pamilyar na ako sa mga kilalang manunulat noon sa panitikang Hiligaynon. At dahil naisasalin ang mga akdang Hiligaynon sa Tagalog, naging pamilyar din ako sa mga kilalang manunulat na Tagalog" (Gawad CCP para sa Sining Panitikan / Akin ang salin sa Filipino)

Mga bukal ng impluwensiya sa pagiging malikhain lagi't lagi na ang matalinong pagpapadanas ng mga magulang sa bawat anak. Sa karanasan ni Deriada, nasa mahusay na pagkukuwento ito lagi ng mga magulang. At saan pa nga ba tayo itutulak ng pagkahilig na makarinig ng mahusay na kuwento



kundi sa pagkahilig din mismong magkuwento at paghahanap pa ng mas maraming kuwento na malugod na ibibigay sa atin ng hilig sa pagbabasa, tulad ni Deriada.

### **Ang Trans-Lokal na Paglalandas Bilang Manunulat at ang Pulitikal na Pag-aakda Hango sa Davao (1948-1974)**

Isang araw, dahil sa digmaan, dala ang mga kalabaw, tataluntunin ng mag-anak na Deriada ang landas patungong Davao. Noong taong 1948 matapos ang digmaan, lumikas ang buong pamilya niya upang manirahan sa Davao kung saan niya ginugol ang kanyang kabataan bilang magsasaka sa isang plantasyon ng Abaca sa Ventura, Calinan na isang bayan sa Davao. At tulad ng obserbasyon ng kanyang pangunahing tauhan sa kanyang kuwentong *The Road to Mawab*, ganito isasalarawan ni Deriada ang bagong lunan:

*"It was in 1957 and Davao, and the rest of Mindanao, were in the thick of a figure of speech – the Land of Promise (of politicians) – and so nobody minded the bus ride, what with dreams of better roads and better bridges spanning rivers that teemed with eels and crocodiles."* (Deriada 125).

Limang eskuwelahan ang pinasukan ng batang si Deriada bago makapagtapos ng elementarya sa Santa Ana Elementary School sa Davao City noong 1951. Nagpatuloy siya ng sekondaryang pag-aaral sa Davao City High School at nagtapos ng kolehiyo sa Ateneo de Davao noong 1959 sa kursong AB English na nagbigay ng gawad sa kanya bilang *cum laude* at balediktoryan ng klase. Nakamit ni Deriada ang kanyang Masteradong digri mula sa pag-aaral sa Xavier University. Nang makapagtrabaho, nakilala at napangasawa ni Deriada si Leticia C. Valasote, isang librarian at guro sa wikang Kastila sa Assumption College sa Nabunturan, Davao kung saan siya unang nagturo bilang guro.

Sasabihin ni Deriada tungkol sa pagkakakilala nila ni Leticia :

"Yan ang biruan. Hindi ako ang nakatagpo sa kanya (Leticia) — siya ang nakatagpo sa akin. Nagtuturo ako noon sa eskuwelahan ng mga misyonerong madre mula Canada na may pangalang Assumption...Akala niya ito 'yong classy tulad ng Assumption of San Lorenzo sa Iloilo at 'yong luma sa Herran sa Maynila...Bago s'ya magtapos ng kolehiyo, ang kanyang Father Rector sa San Agustin sa Iloilo ay nakatanggap ng sulat mula sa mga

madre ng Nabunturan na nagtatanong kung merong magtatapos na estudyante ang San Agustin na may major sa Spanish at maaaring maging Librarian. At itong mga ito mismo ang kwalipikasyon ni Leticia...Tinanggap niya ang trabaho kahit di pa niya alam kung saan ito. Nagtuturo na ako noon sa Nabunturan ng halos isang taon..."

(De Ungria, 44 / Akin ang salin sa Filipino)

Umiibig ang manunulat dahil mangingibig ang manunulat. Nang makilala ni Leoncio si Leticia, buo na ang inspirasyon at motibasyon ni Deriada, bukod sa mga akademikong tagumpay, na mas pataasin pa ang mga diskurso ng kanyang pag-aakda.

Papatiningin ng Davao sa poetika ni Deriada bilang migrante, manunulat, at akademiko ang mga diskurso ng domestiko at panlipunang inhustisya.

Sa naturang kuwento ni Deriada na *The Road to Mawab*, ang paglalandas patungong Mawab sa Davao Del Norte ay kakatawanin ng pangunahing tauhan na isang estudyante sa kolehiyo. Nagmula sa siyudad ng Davao at nakaririwasa. Tutungo siya sa banwa ng Mawab, partikular sa liblib na baryo nitong Sawsaw dahil sa utos ng kanyang Ina na singilin ang pagkakautang ng isang malayong kamag-anak. Subalit ang paniningil na ito ay mas tutungo sa pagkamulat ng estudyanteng karakter sa sobrang-hirap na kalagayan ng mga kamag-anakan na naninirahan sa liblib na baryong nabanggit. Kung paanong suntok sa buwan ang katuparan ng mga pangarap ng ilang nagtangkang mangarap doon dahil mas hinihila na ang lahat sa paghahanap ng makakain sa araw-araw.

*"But here I was, four years later and now a college sophomore, going to a trip to oblige a mother who thought semestral vacations should not be spent in moviehouses and jam sessions but in a place like Mawab whose very name offended my delicate sense of sound. I fancied myself as a poet without peer on the campus, and Mawab, definitely, was anything but poetic."* (Deriada 125)

Kung kaya't hindi na n'ya masisingil dahil di n'ya babanggitin ang layunin sanang maningil — nang masaksihan n'ya kung paanong naghihirap ang mga ito sa paninirahan sa kabundukan.

*"I walked faster. Then I ran toward the valley, away from the hills and the trees and other people's lives. My mind no longer searched for symbols. I had just found one. And it was not poetic at all."* (Deriada 139).

Mula sa temang right of passage ng isang binata dahil sa pagkamulat sa pagkakaiba ng realidad ng buhay batay sa ekonomikong kondisyon, makapagsusulat din si Deriada ng mga pagsasalarawan ng mga usapin ng inhustisya sa lupa at pag-aari tulad ng mga makatotohanan niyang eksena sa kuwentong *Daba-Daba*.

Ang kuwento'y tungkol sa pangangamkam ng lupain ng isang makapangyarihang tao mula sa pamilyang naghawan at nag-aruga sa lupain na kanilang tirahan. Noon pa man, malinaw na ang pagpansin ni Deriada sa usapin ng pangangamkam ng ilang makapangyarihan sa lupang ninuno ng mga katutubo. Kung kaya't agad niyang itatanghal ang realidad ng bawat eksena.

Mauunang ipakikilala ni Deriada ang katutubong karakter, halimbawa:

*"Dansig is seven years old. He is a Bagobo... Dansig's parents grew up on the plateau. It is called Tamugan, one of the most beautiful places in old Daba-Daba. Daba-Daba is now called Davao..."*

At sunod nang ilalarawan ang tensyon sa kuwento mula sa nakaambang pangangamkam:

*"The men do not say anything, but they start putting up the fence. The barbed wire fence runs across Anyaw's camote patch. For a long while, Anyaw stands gaping, not knowing what to do. "This is not yours anymore," the man with the gun says gruffly. He is a Tagalog. "Not ours anymore? Why — why?" Anyaw is about to cry. "Mr. Ventura has just bought it," says the darker one of the barbed wire men. He is unmistakably an Ilocano. "Bought? From whom? We haven't sold our land!" (Deriada 24, 26)*

Kung kaya't laging sa panulat ikakasa ni Deriada ang pagganti bilang literary revenge sa mga inhustisyang nasaksihan / nabalitaan sa Davao habang tumatanda. Ayon pa sa kanyang naturang kuwento:

*"The Bagobo is on his feet now. Cursing, sweating, panting and blood-thirsty like a hunting dog, he kneels between the fallen man's legs and clasps the **panumbuhay** sarimanok with both hands, and with all the anger in his body and soul, plants the lethal tool in the Tagalog's heart." (Deriada 29).*

Tungkol sa pulitikalisyasyon ng pag-aakda, sasabihin

ng kritiko-makatang si Isidoro M. Cruz sa isang panayam ng mananaliksik ang ganito: "Minsan narinig ko sa kanya 'yong social relevance. Na halimbawa may contest o workshop — Sinabi niya na mas nakahihigit (na akda) ang may social relevance. Hindi niya itutulak na dapat tungkol sa magsasaka ang mga isinusulat ninyo pero inaacknowledged niya na ang 'yung mga akdang may social relevance ay ano yan, angat. Lahat ng akda ni Sir Leo ay pulitikal. Ito ang pinakatumatak sa akin: Ang purpose ng literature para sa kanya ay truth. Truth. Malaman ang truth, maisiwalat ang truth. Tawag nga n'ya d'yan apostolate, hindi advocacy. Bale pumasok na sa spiritual 'yong kanyang literature — for truth. Kaya hindi siya preachy kung naghahanap ka ng mentor na may mga pasakalye for that (politics) makikita mo 'yan sa mga gawa n'ya." (Jarin 21)

Idadagdag pa ng naturang kritiko-makata na bukod sa maraming kuwentong naiakda si Deriada na nakaposisyon at nahango mula sa kanyang danas sa paninirahan sa Davao, pati ang ideya at paggamit niya sa wikang Filipino sa ilan niyang mga akda ay nagmula sa Davao-Filipino bilang kanyang modelong-praktikal sa naturang pambansang wika. Hindi teoretikal dahil narinig niya at nagamit na noon sa Davao (Jarin 19).

Ang bulto ng mga kuwento ni Deriada ay nakalugar sa Davao, at ang iba pa ay sa kanyang lupang-tinubuan sa Panay...kinakatawan ni Deriada ang kapangyarihan ng panitikan na iangat ang mga diskurso ng lokalidad sa realidad ng ating malikhaing imahinasyon: ang nananatiling lagim ng digmaan mula sa kalye ng Guerrero, ang malalim na kaalaman sa buhay ng mga naging bagong-mananahan sa Mawab, at ang tunggalian ng uri sa kalye ng Artiaga (David 2).

Sasabihin ng anak ni Leoncio, ang manunulat ding si Dulce Maria Deriada, sa isang pakikipanayam sa mananaliksik na karamihan ng mga kuwento ng kanyang Ama ay nasa genre ng semi-autobiography. "Yung sa The Road to Mawab mga totoong tao 'yun, e. Kilala ko ang mga tao doon." (Jarin 24)

At ang sinematikong deskripsiyon sa bawat prosa ni Leoncio Deriada ay dahil sa pagkahilig sa panonood ng pelikula sa Davao at kahit saan ito manirahan. Lingguhan kung manood ng sine si Deriada dahil sa lubos na pagkahilig nito sa pelikula, ayon pa sa anak. Sa katunayan, tungkol dito ang magiging masteradong thesis niya noon sa Xavier University.

Kaya't sasabihin ni Deriada sa pakikipanayam noon kay De Ungria :

"Cinema as Literature. Palagay ko, ako ang kauna-unahang nakapagkamit ng M.A. sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa pelikula...kasi naman, noong ako'y nasa Davao at nakatira kasama ng aking kapatid at hipag, mayroon silang kamag-anak na nagtatrabaho sa isang lumang sinehan. Kaya tuwing Sabado, nagpupunta kami roon at nakakapanood ng libre. Napanood ko halos lahat ng pelikulang Filipino. Palagay ko mula 1950? 1951? Naniniwala akong napanood ko na silang lahat. Madalas noon, tungkol kay Shakespeare at iba pang awtor sa Europa ang nagagawan ng pag-aaral. Naisip kong tutal gumugugol ako ng sobrang oras sa panonood ng pelikula, bakit hindi ako magsulat at mag-aral ng tungkol dito?" (De Ungria 44 / Akin ang salin sa Filipino)

Hindi iilang beses tayong pinahanga ng malinaw na pagkukuwento. At ang pagiging malinaw na ito ay dahil mas kongkreto ang biswalisasyon natin sa kuwento, kahit pa ito ay purong teksto lamang at walang mga ilustrasyon o larawan na inihaharap sa atin. Kung kaya't ang katangian ng sinematikong deskripsyon dahil sa pagkahilig ni Deriada sa pelikula ay isang lakas ng kongkretisasyon at koneksyon ng bawat niyang kuwento sa mga mambabasa.

### **Sa Landas ng Dumaguete Bilang Ama, Formalista, at Pasahero ng Engkantado (1974-1986).**

Makatatanggap noong 1974 si Leoncio P. Deriada ng imbitasyon mula sa manunulat na si Edilberto K. Tiempo na maging Fellow ng Siliman Writers Workshop. Mula sa imbitasyong ito ay magiging estudyante naman siya ng katatatag noong kurso na Ph.D in English and Literature with Creative Writing Subjects sa Siliman University sa Lungsod ng Dumaguete sa Negros Oriental. Naging pinakaunang nagtapos ng Doktoradong digri sa naturang kurso si Deriada habang Tagapangulo ng English Department ng nasabing unibersidad.

Darating at maninirahan si Deriada sa Dumaguete ng humigit-kumulang sampung taon hindi na lang bilang akademiko at manunulat, kundi isa na ring Ama. Isang tag-araw iyon ng taong 1974 nang dumating ang mag-asawang Deriada kasama ang panganay na lalaking si Dino Enrique na noo'y dalawang-taong gulang pa lamang. Sa lungsod

ding ito ipanganganak ang bunsong anak niyang babae na si Dulce Maria. Sasabihin ni Dulce Maria Deriada sa pakikipanayam sa mananaliksik na habang lumalaki, napalilibutan silang magkapatid ng mga libro at manunulat. Kung kaya't hindi kataktakang maging manunulat din silang magkapatid ng kanyang yumaong Kuya na si Dino sa kanilang pagtanda:

"We we're not compelled to write, but we found ourselves to writing kasi nga nasa genes and kasi sa Siliman 'yung environment grabe 'yung artistic and literary environment sa Dumaguete specifically sa Siliman campus. Very buhay na buhay 'yung arts doon. I remember noong bata pa ako, dinadala kami ni Papa doon for example 'yung play niya gagawing isang production so, isinasama n'ya kami doon sa mga rehearsals, 'yun. So, hindi siya nagsabi na dapat magsulat... or you have to be a writer also just like me, hindi. Siguro, feeling ko, he was just to happy when he found out na mahilig ding magsulat ang mga anak niya. Actually 'yung growing-up years ko sa Dumaguete that was the best years of my life kasi ang ganda ng campus doon, e." (Jarin 22)

Ang paninirahan ni Deriada at ng kanyang pamilya sa Dumaguete ay panahon din ng lugod sa manunulat lalo't madalas siyang maging taga-asikaso ng mga kaibigang manunulat mula Maynila kapag nadadalaw ang mga ito sa naturang lungsod at unibersidad. Mga pagkakataon itong maipabasa niya ang mga kasalukuyang katatapos na akda sa mga kaibigang manunulat at nagiging daan para maging patnugot niya ang mga ito sa bawat niyang akda, tulad na lamang ng ginawa para sa kanya ng mga manunulat na sina Alfred "Krip" Yuson at Alfredo Salanga (Deriada vii). Kaya't gugunitain ni Dulce Maria na "Yong mga writers na nagiging Fellow doon sa workshop, nakakausap ko. Sometimes pumupunta sila doon sa bahay. So, at an early age, nakakausap at kilala ko ang mga Tiempos, sina Alfred Yuson, -- si Alfred Yuson tinuruan pa ako paano mag-swimming...naalala ko sina Ricky De Ungria, Ophelia Dimalanta, -- si Alfred Navarro Salanga na meet ko s'ya batang-bata pa lang ako." (Jarin, 22).

Bilang manunulat, magiging malakas ang impluwensiya ng formalismong teorya sa panitikan sa kritisismo ni Deriada lalo na noong siya'y naninirahan sa Dumaguete. Wiwikain niyang dumating siya sa Silliman na isa nang ganap na manunulat at hindi natuto ng pagsusulat sa Silliman

(De Ungria 74). Mas paiigtingin ang kanyang kritisismo ng itinataguyod na New Criticism ng mag-asawang Edilberto at Edith Tiempo noon sa Silliman University na kanilang nahango mula sa pagiging mga Fellow ng Iowa Writer's Workshop sa Estados Unidos at inilapat na teoryang-gabay sa pagpapalihan ng mga akda (Cruz 5) na itinataguyod din nila sa Silliman Writer's Workshop noong 1962 (Pernia 47).

Lubhang maingat na manunulat si Deriada. Wiwikain niyang maaaring ang kanyang pamamaraan sa pagsusulat ay magiging kapagod-pagod sa mga manunulat ng kasalukuyan. Dahil matapos niyang pagpaguran ang pag-iisip sa plot ng isang kuwento o dula, sunod niyang paplanuhin ang balangkas at ang mga diyologo. Sa pagtipa niya sa manuskrito, lubhang marami siyang gagawing pagwawasto sa gramatika, mga bokabularyo, at iba pa. (De Ungria 74)

Kung kaya't hindi kataka-takang mula sa pagiging istrikto sa gramatika, "If you decide to write in English, your next responsibility is to master the English language...no less than master. Halimbawa sa mga workshops sulat ka ng poetry — first line of poetry mo mali na ang grammar — itapon ko na 'yan! You cannot write in the language you do not know because writing is also the art of manipulating words." (Deriada, Gawad CCP para sa Sining Panitikan)

Lagi niyang titiyakin ang organic unity sa bawat niyang akda. Wiwikain nga ng manunulat na si John Iremil Teodoro (na naging estudyante sa panulat noon ni Deriada) sa kanyang pakikipanayam sa mananaliksik ang ganito: "S'yempre, Siliman school of writing s'ya...at s'ya mismo inaamin n'ya na Formalist s'ya. Kasi 'yun ang training n'ya, e. So, ang mga lecture n'ya sa poetry mag-i-start kayo sa imagery, di ba. Grammar Nazi s'ya. Ayaw n'ya talagang may mali sa grammar mo sa English. Sa Kinaray-a, sa Aklanon, saka sa Filipino forgiving s'ya sa grammar pero pagdating sa English, hindi...Kaya hanggang ngayon di ko 'yan mawala sa sarili ko. S'ya naman talaga ang unang teacher ko sa poetry, so, kapag nagsulat ako ng Tula talagang nasa psyche ko 'yun— 'yung central image, di ba, 'yung organic unity." (Jarin 26).

Bilang personal na batas, iniwasan ni Deriada ang pag-aakda tungkol sa Silliman :

"Noong nakatira ako doon, hindi ako nagsulat

ng kahit ano tungkol sa Silliman, dahil halos lahat ng manunulat na nagpunta doon ay nagsulat ng mga kuwento tungkol sa Silliman. At madalas, ang mga kuwentong ito ay naglalaman ng mga ideya na hindi pumapabor sa mga Tiempos. Nangako ako sa sarili na hindi magsusulat ng kahit ano tungkol sa Silliman — maliban sa isa." (De Ungria 79 / Akin ang salin sa Filipino).

Kauna-unawa ang winikang ito ni Deriada lalo pa't malapit ang mga Tiempo sa kanya. Maaari ding nakasalalay ang hindi niya pagsusulat ukol sa Silliman sa dahilang ayaw na niyang dumagdag pa sa mga maaaring maging kontra-kuwento at adbokasiya ng mga kaibigang Tiempo sa kaganapang pampanitikan sa Dumaguete noon.

Subalit dahil manunulat siya, hindi niya tunay na makontrol ang sarili. Hindi pa rin niya mapipigilang sumulat ukol sa nabanggit na lugar. Maisusulat ni Deriada ang isang bahagi ng kanyang personal na karanasan tungkol sa Silliman, tungkol sa Dumaguete, sa kuwentong *Tartanilya*.

Tungkol ito sa kanyang personal na karanasang makatagpo at makausap ang isang tunay na Engkantado sakay ng kalesa o Tartanilya na mismong ang Engkantado ang kutsero.

Magsisimula ang kuwento sa paglalarawan ng kultura ng palihan at mga manunulat mayroon ang Silliman noon kung saan isa siya sa naging pangunahing tagpagpadalay:

*"Saturday was their day-off and so the participants in the Writers Workshop decided to spend the afternoon on the beach. Dr. Tiempo, the director of the workshop, assured each one, especially the beach-starved writers for Manila, the El Oriente Beach Resort was one of the best in Dumaguete...At a table under coconut tree, the rest of Batch 1977 of the Silliman National Writers Workshop sat. They were quite loud, apparently enjoying the cheerless afternoon. Edel Garcellano, Ingo de Guzman, and Ed Orozco were drinking beer. The girls, Diana Gamalinda and Connie Imperial, were singing and eating peanuts. Soon Rowena Tiempo and Tony Tan joined them. They shouted my name, asking me to join the group. Grinning widely, I shouted back, "Later!", and resumed my preoccupation with Siquijor. They did not insist. Probably, they thought I was assembling another story. They did not want to disturb me. I appreciated that." (Deriada 90, 91).*



Subalit mula sa natural, tutungo ang kuwento sa supernatural na danas ng manunulat:

*"I slung my bag over my shoulder and walked to the gate of the resort. I was resigned to take any type of ride...A tartanilya arrived...*

*"How far will you go?" I asked the driver in Cebuano.*

*Surprisingly, he answered me in English, "How far would you like me to go?" (Deriada, 91)...*

*The tartanilya, the Central Visayan version of the calesa, was also old, but unlike its owner...Suddenly the driver, without turning to me, said in Cebuano, "Dong, motuo ka ba ug engkanto? Do you believe in the engkanto?" (Deriada, 93)...*

*"Most are a little cock-eyed but still goodlooking. All of them have one physical characteristics : they do not have the vertical line between the upper lip and the nose." (Deriada 94)...*

*"I was dumbfounded. For the first time, I saw his face clearly. He was smiling handsomely, like the British character actor Leo McKern, his eyes slightly crossed. He was so close that I could see how neatly he had shaven. The smell of his shaving lotion was too expensive for tartanilya drivers. It was Brut...And there was no line connecting the middle of his upper lip and the center of the lower part of his face.*

*"Pareho lang sila nato, Dong," he said and turned towards his horse." (Deriada, 94)*

*"The tartanilya stopped in front of the Silliman University Medical Center...It was almost dark and the ancient acacia trees on the campus cast a pall over the grounds. I met students and a few fellow teachers hurrying to the cafeteria for their evening meal. I could not help staring at them, noting if each one had that characteristic line above his upper lip.*

*Not one of them was an engkantado.*

*Suppose I would meet that man again? I wondered what I would do.*

*I remembered what he had said : to stop an engkantado from reappearing, tell other people.*

*The very next day, I started telling people." (Deriada 96).*

Sa mas maraming kabataang-Pilipino, ang totoong danas sa mga kuwentong katatakutan ay isa ng tradisyon ng ating pagkabata. Mula sa mga

pagkukuwento ng ating matatanda, tinatalunton din natin ang mga pagkukuwentong ito sa ating mga kalaro, kababata. Nang magkuwento si Deriada ng kanyang personal na danas tungkol sa Engkantado noong siya'y naninirahan sa Dumaguete, at ilimbag ito — lilitaw ang maituturing na isang bagong literary genre : Ang supernatural creative non-fiction. Na itataguyod n'ya sa librong "EERIE" noong 2016 at ililimbag ng Kasingkasing Press sa Iloilo.

Makalipas ang humigit-kumulang isang dekada bilang guro sa Silliman University, nilisan ng mag-anak na Deriada ang Dumaguete para bumalik sa Iloilo. Mas marami na siyang sasabihin at ikukuwento sa pag-uwi sa sariling banwa kung saan nananahan ang mga engkantado bilang mga engkantawo.

### **Ang Inhinyero ng Literatura: Mga Paglalandas sa Iloilo, Aklan, at Antique Bilang Pagmumuhon ng Kontemporanyong Panitikan ng Kanlurang Visayas (1986-2019).**

May kinalaman ang Martial Law kaya napabalik si Leoncio Deriada sa Iloilo (De Ungria 50). Mula Dumaguete ay mas ninais n'ya sanang magtungo muli ng Davao subalit pipigilan ng mga kaibigan at kamag-anak dahil sa takot na mapagkamalan siyang kaaway ng mga Militar o ng NPA. Dahil sa kanyang pananatili sa Dumaguete, ipagpapalagay ng mga naturang kaibigan at kamag-anak na hindi na s'ya kilala sa Davao bilang simpleng guro at manunulat lamang. Panahon ito ng ligalig at malakas na pagdududa sa lahat ng bagong-mukha na darating sa Davao. Malaking salik ang paninirahan ng kanyang bayaw at biyenang sa Iloilo para makumbinse ang sariling mas tamang desisyon ang kanyang muling pagtahak sa landas ng sariling banwa, ang pag-uwi sa kanyang probinsiyang Iloilo.

Magiging propesor si Deriada sa Division of Humanities ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas hanggang siya'y magretiro at magsilbing Professor Emeritus ng nasabing unibersidad hanggang sa kanyang pagyao noong ika-3 ng Abril, 2019.

Ang pagiging kwentista ni Leoncio P. Deriada ay kakatawanin ng kanyang pagiging manunulat at mandudula. Ang kanyang pagiging kritiko ay kakatawanin naman ng kanyang mga sanaysay ukol sa pagsusulong ng isang tiyak na panitikan sa Kanlurang Visayas. Ang kongkretisasyon ng pagsusulong na ito ay kakatawanin ng pagiging inhinyero ni Deriada sa usapin ng rehiyonal na panitikan.

Itinampok ng kanyang papel na *Literature Engineering in West Visayas* noong 2011 ang malay niyang pagsasagawa ng literature engineering sa Kanlurang Visayas sa panahong naganap din ang Rebolusyong EDSA ng 1986. Panandang-bato sa panahong ito ang aniya'y pag-usbong ng mga bagong akda at manunulat na nagsulat gamit ang mga wikang Kinaray-a, Aklanon, at ang tinatawag niyang Visayan-influenced Filipino. Sa praxis na ito ay tinanghal niya ang tatlong naging muhon ng literature engineering na kanyang ginawa : ang resureksiyon ng panulat at mga manunulat na Kinaray-a, ang liberasyon mula sa kawalan ng panitikan ng mga manunulat na Aklanon, at ang mas kalkuladong disenyo ng pag-aakda na nakasulat sa tinatawag niyang Visayan-laced Filipino. Ang manunulat para kay Deriada ay isa ring manggagawang pangkultura. At sa kanyang personal na danas, ang pagiging manggagawang kultura ay dapat ring inhinyero ng mga tunguhin at kumpas ng isang kontemporaryong panitikan. Aniya pa:

“Ang pag-usbong ng mga bagong pag-aakda sa Kanlurang Bisaya - mga akda sa Kinaray-a, Aklanon, at pagsusulat gamit ang Visayan-influenced (o laced) Filipino ay nagbunga ng tatlong lokalidad ng panitikan sa rehiyon. Ang pagsanib ng tatlong ito sa mga nauna nang establisadong panulat sa wikang Hiligaynon at Ingles ay maglalagay sa panitikan ng Kanlurang Bisaya sa mas nakikitang muhon kaugnay sa pagmamapa ng panitikang pambansa ng isang mas mayaman, bagamat hiwa-hiwalay, ay mas nagbibigay-kahulugan naman sa pagkabansa.” (Deriada, 88 / Akin ang salin sa Filipino)

Ang deklarasyon na ito ni Deriada ay pagsasakongkreto ng kanyang disenyo at organisasyon bilang inhinyero ng panitikan sa Kanlurang Visayas. Hindi rin hiwalay ang kanyang bisyon para sa isang panitikang pambansa. Malinaw na inihahayag niya, gaya ni Lumbea, na bagamat dapat panatilihin ang natatanging identidad ng kulturang panrehiyon, dapat rin itong ikawing sa danas at tunguhin ng isang bansa. Na nangangarap siya ng adbokasiya ng isang kinikilalang panitikan ng rehiyon na hindi sumususo sa mga prehuwiso ng tinatawag na sentro kundi ang pag-oorganisa ng mga dati nang panitikan at pagpapausbong ng mga bago mula sa mga sulok ng rehiyon.

Dalawang taon bago yumao ang dakilang manunulat, ipagtatapat ni Deriada na ang sigasig niya para isulong ang panitikan ng Kanlurang Bisayas ay mauunang maitulak ng pagnanais niyang mahilom

ang lungkot mula sa pagpanaw ng mahal na asawa noong 1990 (De Ungria 51). Wika niya'y kailangan niya kasing maging abala upang di madama ang lumbay.

Subalit bago pa ito, noong 1986, magiging panandang-bato at matibay na suhay ang pagtatalaga sa kanya bilang Literature Coordinator para sa Kanlurang Visayas ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas o CCP para maikasa at maipalaganap ang kanyang Literary Engineering para sa Kanlurang Visayas. Wika pa niya:

“The Cory revolution of 1986 is a milestone in the literary history of West Visayas and the country. Three new writings have emerged in the region and pleasantly surprised literary and academic circles and especially the writers themselves. These are writings in Kinaray-a, Aklanon, and Visayas-influenced Filipino... It all started with the new management of the Cultural Center of the Philippines (CCP) and the establishment of the Presidential Commission for Culture and the Arts (PCCA) which later gave way to the National Commission for Culture and the Arts (NCCA)...I was named by the CCP as literature coordinator for West Visayas. The new management encouraged the establishment of local art councils, subsidized conferences, workshops, and publication and awarded writing grants and venue grants at the National Arts Center in Mt. Makiling.” (Deriada 76, 77)

Naging okasyon ito upang maibigay niya sa mga manunulat ng rehiyon ang kanyang talino at lakas sa pamamagitan ng pagiging manggagawang-pangkultura para magtaguyod ng mga palihan ng pagsulat sa kabuuan ng Isla ng Panay at tuklasin at linangin ang mga natatanging panitikan ng mga probinsiyang ito (Iloilo, Antique, at Aklan).

Aalalahanin ng manunulat na si Alicia Tan-Gonzales ang ganito : “Si Sir (Deriada ) is the force behind the post-EDSA West Visayan writing... when he was appointed as coordinator ng CCP para sa West Visayan Region or West Visayan Literature, naghanap s'ya ng mga occasions na makapagbigay ng mga workshops. Naghanap ng venue, grant, nagbigay ng workshops sa kung saan-saan. So, the first was in UP campus. Tapos in 1988, nakakuha s'ya ng grant para sa Hiligaynon writers doon sa National Center in Mt. Makiling. Ako naman, e, ano lang ako, e. Parang trying-hard...wala naman, hindi naman talaga ako sumusulat. Doon sa first workshop sa Iloilo campus I presented two English

poems na nagustuhan nila. Nagustuhan nila ang dalawang short poems, ano. Pero I did not call myself a writer. Then pumunta na ako (Mt. Makiling). We we're there 5 days or 1 week... Tapos mga 3 days na lang aalis na kami, sabi n'ya: "O, ikaw Alice. H'wag na h'wag ka mag-go down or magdescent sa mountain na ito na hindi ka pa nagsusulat ng Hiligaynon!". "We will not take you along. You have to write something in Hiligaynon!" So I wrote my first-ever short story, imagine mga two days! Oo. Natapos ko 'yung first story ko...And you know what is so beautiful about it sa experience ko, kasi parang I found it not just challenging, but inspiring na magsulat, ano. Sabi ko : "Ay! There's something pala. I have a story to tell pala!". (Jarin 29)

Hindi maaaring akusahan si Deriada na isang manunulat o inhinyero na kumikiling lamang sa kung ano lamang ang purong katutubo, ayon sa manunulat na si John Iremil Teodoro na nagtuturing sa sarili bilang estudyante at anak ni Deriada sa panitikan. Ang pagsusulong niya sa mga kabataang manunulat ng rehiyon na magsulat sa Aklanon, Hiligaynon, at Kinaray-a ay hindi para tanggalin ang impluwensiya ng pambansang wikang Filipino o ang dominasyon ng wikang Ingles (Teodoro, xv). Sa katunayan, laging sinasabi ni Deriada noon paman na ang isang manunulat na nakakaalam ng maraming lengguwahe ay isang manunulat na may malapad na bintana para mas makita ang buhay na kanyang isusulat. Alinsunod din ang literary engineering na ito ni Deriada sa itinatakda ng Saligang Batas ng bansa, partikular ang pagsusulong niya ng pag-aakda gamit ang "Visayan-laced Filipino". Sinasabi kasi ng probisyong pangwika ng Saligang Batas na ang pagpapalakas sa Filipino bilang pambansang wika ay matutulungan ng pagpapaunlad sa mga katutubong wika.

Isusuma naman ng kritikong si Isidoro M. Cruz ang ambag ni Deriada sa kanyang librong Pungsod: *Damming the Nation*: "Personal, metodolohikal, at institusyunal ang naging kumpas ng literary engineering ni Deriada sa pagsusulong niya ng kanyang pilosopiya sa usapin ng pambansang panitikan gamit ang kanyang posisyon bilang propesor ng literatura at tagapag-ugnay ng Cultural Center of the Philippines at ng National Commission for Culture in the Arts "(149 / Akin ang salin sa Filipino).

Sa kabuuan ng propesyon ni Deriada bilang multilinggwal at multi-genre na manunulat at bilang tagapagtaguyod ng panitikan ng rehiyon, naani na niya ang halos lahat ng pinakamayor at importanteng pambansang gawad pampanitikan

tulad ng pagiging Hall of Famer noong 2001 ng pinakaprestihiyosong gawad pampanitikan sa bansa, ang Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Naigawad din sa kanya ang Gawad CCP para sa Sining (Panitikan) noong 2015, ang Kampeon ng Wika mula sa Komisyon ng Wikang Filipino noong 2014, at ang Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas ng Unyon ng Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) noong taong 2000. Ang kanyang librong *People on Guerrero Street* ay nagwagi bilang pinakamahusay na nobela sa wikang Ingles noong 2004 mula sa Manila Critics Circle.

Hanggang ngayon, ang patuloy nilang paggamit ng mga manunulat ng Kanlurang Visayas sa multilingguwalismo bilang lehitimong teksto ng isang rehiyonal na akda na pinasimulan ni Deriada ay maituturing ding pagpapayabong pa sa ating pambansang wika. Bukod pa rito ang pagtatampok lagi't lagi ng sensibilidad sa buhay at pamumuhay ng mga taga-rehiyon (gamit ang katutubong wika bilang tekstong pampanitikan) para pagyamanin pa ang ating kamalayan bilang mga mamamayan ng bansa. Ang Visayan-laced Filipino at ang pagpapakilala sa mga akda, manunulat, at sa mismong panitikan ng mga Aklanon, Kinaray-a, at Hiligaynon ang mga panandang bato ng literary engineering na ikinasa ni Deriada para sa Kanlurang Visayas na napapakinabangan hanggang ngayon ng pambansang panitikan. Pag-iinhenyero itong nagpamalay sa atin na hindi lamang iisa ang panitikang pambansa. Na marami pala ito. Na lahat ng rehiyon ay sentro nito.

Sa paglalandas ni Leoncio P. Deriada bilang manunulat ng rehiyon at inhinyero ng kontemporaryong panitikan ng Kanlurang Visayas, ang mga kalyeng nagbubuklod at nagdurugtong sa panitikan ng banwa (rehiyon) at ng bansa (Lumbera, 162) ay mga kalyeng itinataguyod pa rin ng mga manunulat ng Kanlurang Visayas kung kaya't patuloy pa ring buhay, hindi namamatay.

### **Etika ng Pananaliksik**

Matapos mabasa at unawain ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal at mga alituntunin na itinakda ng National Research Council of the Philippines (NRCP). Naging gabay ito ng mananaliksik upang sundin ang mga unibersal na

tuntunin at itinakdang protocol upang maisagawa ang isang etikal na pananaliksik. Kung kaya't minarapat na gamitin upang mapunan ng mga kapapanayamin ang Informed Consent Form bago pa isagawa ang mga panayam na gagawin bilang bahagi ng pangangalap ng datos sa pananaliksik.

## Deklarasyon ng Salungat na Interes

Ipinapahayag ng mananaliksik na walang salungat na interes na maaaring makaimpluwensiya sa layunin ng pananaliksik o paglimbag ng artikulong ito. Naisagawa ang pananaliksik sa tulong ng Individual Research Grant ng NCCA para sa taong 2023. May pahintulot ang naturang komisyon na ipalimbag ang pananaliksik sa alinmang journal na mas magpapatatag ng pag-iral nito.

## Mga Sanggunian

Cruz, Isidoro M. "Ang Rehiyon Bilang Antolohiya: Si Leoncio Deriada at ang Kontemporaneong Literatura ng kanlurang Bisaya sa Konteksto ng Panitikang Pambansa". Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan. Ed. John Iremil Teodoro. Lungsod ng Maynila. KWF Publikasyon, 2021. 39-50. Print.

Cruz, Isidoro M. *Pungsod: Damming the Nation: Region / Nation and the Global Order in Contemporary West Visayan Literature*. Iloilo City: University of San Agustin Publishing House, 2009. 184. Print.

Cruz, Conchitina. "The (Mis)Education of the Filipino Write: The Tiempo Age and Institutionalized Creative Writing in the Philippines". *Kritika Kultura*. Web. 2017. <http://journals.ateneo.edu/ojs/kk/>

David, Karl Antonio G. *In Memoriam: Leoncio Deriada (2019)*. Manila: Manila Bulletin, 2019. 1-2. Print.

Delos Reyes, Joselito D. "Finding Teo: Tula / Talambuhay". Lungsod ng Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2018. 182. Print

Deriada, Dulce V. "Preface". *Ang Kalye nga Wala sing Kamatayon: The Palanca Award-Winning Short Stories of Leoncio P. Deriada*. Ed. Dulce Maria V. Deriada. Miagao, Iloilo: Division of Humanities, UP Visayas, 2019. 215. Print.

Deriada, Leoncio P. ed. *Patubas, An Anthology of West Visayan Poetry: 1986-1994*. Manila: NCCA, 1995. 229. Print.

Deriada, Leoncio P. ed. *Ang Kalye nga Wala sing Kamatayon: The Palanca Award-Winning Short Stories of Leoncio P. Deriada*. Ed. Dulce Maria V. Deriada. Miagao, Iloilo: Division of Humanities, UP Visayas, 2019. 215. Print.

Hiligaynon Literature NCCA <<http://www.ncca.gov.ph>>

Deriada, Leoncio P. ed. "Pag-ulikid sa Kasaysayan sa Literatura ng Bisayang Nakatundan". Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan. Ed. John Iremil Teodoro. Lungsod ng Maynila. KWF Publikasyon, 2021. 15-18. Print.

Deriada, Leoncio P. ed. "Literature Engineering in West Visayas." *Kritika Kultura*. Web. 1 August 2011. <http://www.ateneo.edu/kritikakultura>

Deriada, Leoncio P. ed. "The Road To Mawab and Other Stories". Lungsod Quezon.: New Day Publishers, 1984. 154. Print.

Deriada, Leoncio P. ed. "Night Mares". Lungsod Quezon.: New Day Publishers, 1988. 126. Print.

De Ungria, Ricardo M. "I went to Silliman a full-blown writer: Interview With Leoncio P. Deriada. Kinaadman. Cagayan De Oro. Xavier University- Ateneo de Cagayan, 2018. 33-104. Print

Felicilda, Joshua Mariz B., Demeterio, Feorillo Petronilo A. III *Ang Bulwagang San La Salle: Pakikipanayam sa Apat na Dalubhasa nitong Sentenaryo ng Paglatag ng Cornerstone ng Nasabing Pamanang Estruktura ng Pamantasang De La Salle Maynila*. Malay 32. 82-99. 2020. Print

Gonzales, Alice Tan. "Ugsad ng Literatura sa Bisayang Nakatundan: Reaksyon sa Papel ni Leoncio P. Deriada". Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan. Ed. John Iremil Teodoro. Lungsod ng Maynila :KWF Publikasyon, 2021.19-22. Print.

Jarin, Ferdinand P. "Ang Mas Nakikitang Muhon ng Kontemporaryong Panitikan ng Kanlurang Visayas sa Mapa ng Pambansang Panitikan Bilang Produkto ng Literary Engineering ni Leoncio P. Deriada: Pakikipanayam sa Apat na Manlilikha ng Kanlurang Visayas". Malay 35. 14-34. 2023. Print

Lumbera, Bienvenido L. *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 1997. 298. Print.

Lumbera, Bienvenido L. "Harnessing Regional Literature for National Literature". *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000. 417. Print.

Lumbera, Bienvenido L. "Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pambansa: Magkabukod at Magkarugtong". *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000. 417. Print.



Pernia, Mary Ann Josette, E. *"The National Writers' Workshop in Dumaguete: A Literary History"*. Animo Repository. Web. 2002. [https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd\\_masteral/2672](https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_masteral/2672)

Teodoro, John I. *Padáyon sa Pagtíndog, Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan*. Lungsod ng Maynila : KWF Publikasyon, 2021. 259. Print

Teodoro, John I. *"Hala Bira! Ang Panahong Post-Deriada (Sana) Huling Hirit (Na) sa Gasgas na Tema ng Kanlurang Bisaya at ang Pagbuo ng Literaturang Pambansa"*. Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan. Ed. John Iremlil Teodoro. Lungsod ng Maynila. KWF Publikasyon, 2021. 23-33. Print.